APPLICATION

- Ngayong alam mo na kinamumuhian ng Diyos ang kasinungalingan, paano mo mababago ang iyong pag-uugali at mga kinaugaliang gawin upang maipakita ang Kanyang katapatan?
- Isipin ang mga pakikipag-usap na ginawa mo itong mga nakaraang linggo. Naging matapat ka ba at hindi nagpakita ng pagpanig sa mga sinabi ng ibang tao, iniwasan mo ba ang tisimis at masamang hangarin sa iba?
- Mag-isip ng isang tao na kailangang marinig ang katotohanan tungkol kay Jesus. Makipag-kita sa taong ito ngayong linggo, at ipanalangin na magkaroon ka ng pagkakataon na maibahagi ang ebanghelyo.

PRAYER

- Purihin ang Diyos sa Kanyang katapatan. Ihayag ang iyong pagtitiwala sa Kanya, ang kaisa-isa na hindi maaaring magsinungaling at laging tapat sa Kanyang Salita.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang isang aspeto ng buhay mo kung saan hindi ganap ang iyong pagiging matapat. Manalig na bibigyan ka Niya ng kakayahan na itaguyod ang Kanyang katotohanan sa lahat ng pagkakataon.
- Ipanalangin na mabigyan ka ng mga pagkakataon na maibahagi ang katotohanan tungkol kay Jesus.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph

Huwag Maging Sinungaling na Saksi

NOTES

WARM-UP

- Balikan ang isang pagkakataon na kinailangan mong magsabi ng totoo kahit hindi ka sigurado kung paano tutugon ang taong kaharap mo. Ano ang nangyari?
- Masasabi mo ba na ikaw ay "palakaibigan" na tao, o isa ka bang "nililimitahan" ang sarili sa iba? Bakit mo ito masasabi?
- Ano ang mararamdaman mo kapag nalaman mo na may nagsinungaling sa 'yo? Ano sa palagay mo ang iyong gagawin? Bakit ito ang naisip mo?

WORD *Huwag kayong sasaksi ng hindi totoo sa inyong kapwa.* **EXODUS 20:16**

Ibinigay ng Diyos ang ika-siyam na utos upang pangalagaan tayo mula sa mga hindi makatarungang parusa na dala ng mga maling paratang o paninirang-puri. Ang pagbibigay ng maling patotoo ay pagsisinungaling tungkol sa ibang tao, na kadalasan ay para sa personal na kapakanan. Ito ay paninira sa reputasyon at katapatan ng isang tao, na maaaring magbunga sa kanyang personal na kasiraan at kasiraan ng batas at ng kapayapaan. Ang pagsisinungaling ay kabaliktaran ng katangian ng Diyos. Ang Diyos ay tapat sa lahat ng pagkakataon at kailanman ay hindi maaaring magsinungaling. Ang pagsasabi ng totoo ay hindi madaling gawin, subalit tayo'y binigyan ng Diyos ng kakayahan na gawin ito. Sa ating aralin, titignan natin ang tatlong kadahilanan kung bakit ito iniutos ng Diyos.

1 Kinamumuhian ng Diyos ang kasinungalingan.

[16]May mga bagay na kinamumuhian ang Panginoon: [17]ang pagmamataas, ang pagsisinungaling, ang pagpatay ng tao . . . **MGA KAWIKAAN 6:16,17**

Ang Diyos ay naninindigan para sa katotohanan at kinamumuhian niya ang kasalanan. Labag sa Kanyang katangian ang magsinungaling (Mga Bilang 23:19), dahil Siya ay banal (Mga Salmo 89:35). Bilang isang bagong nilalang kay Cristo, tayo ay inatasan na ipakita ang imahe ng Diyos at maging totoo sa isa't-isa (Mga Taga-Colosas 3:9,10). Ano ang kinamumuhian ng Diyos ayon sa Mga Kawikaan 6:16,17?

2 Nais ng Diyos na pagtibayain ang katotohanan sa Kanyang mga mamamayan.

[1]"Huwag kayong magbabalita ng kasinungalingan. Huwag kayong sasaksi ng kasinungalingan para lang matulungan ang isang taong masama. [2]Huwag kayong makikiisa sa karamihan sa paggawa ng masama. Kung sasaksi kayo sa isang kaso, huwag ninyong babaluktutin ang hustisya para lang masunod ang opinyon ng karamihan. [3]Huwag ninyong papaboran ang kaso ng mahihirap dahil lang sa kanilang kalagayan." **EXODUS 23:1-3**

Ang pang-siyam na utos ay nagpapakita ng katarungan ng Diyos at Kanyang mga alituntunin para sa isang makatarungang lipunan. Ang tsismis, masamang hangad, maling mga paratang, at pagpanig sa isang opinyon ay mga paraan ng paninira sa katarungan ng Diyos at pagsasawalang-bahala ng Kanyang utos na itaguyod ang katotohanan. Ayon sa Exodus 23:1, ano ang hindi natin dapat ikalat?

3 Inuutusan tayo ng Diyos na sabihin ang katotohanan nang may pag-ibig.

Sa halip, mananatili tayo sa katotohanan nang may pag-ibig, upang sa lahat ng bagay ay maging katulad tayo ni Cristo na siyang ulo ng iglesya. **MGA TAGA-EFESO 4:15**

Ang pagsasabi ng katotohanan ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mamamayan ng Diyos upang maging katulad ni Cristo at nagbibigay sa atin ng proteksyon upang hindi tayo maniwala sa mga maling katuruan at iba pang mga kamalian (Mga Taga-Efeso 4:11-16). Ang katotohanan ng Diyos ay maaaring magdulot nang pagsama ng kalooban, subalit kung sasabihin natin ito nang may pagmamahal, maaari nating mapangalagaan at maitaguyod ang iglesya. Paano mo natutunan na magsabi ng katotohanan nang may pag-ibig?